



Mga Grant para sa Proyekto ng Komunidad ng Find It, Fix It


Mga Madalas Itanong

Ano ang Mga Sama-samang Paglalakad ng Komunidad para sa Ayusin at Hanapin (Find It, Fix It Community Walks)?

Mula 2014, pinamunuan ni Mayor Ed Murray ang Mga Sama-samang Paglalakad ng Komunidad para sa Find It, Fix It upang matulongang pahasayin ang mga komunidad ng Seattle nang paisa-isang kalye. Sa mga sama-samang paglalakad, may pagkakataon ang mga miyembro ng komunidad na makipag-usap nang direkta kay Mayor Murray at iba pang mga opisyal ng Lungsod tungkol sa mga pangangailangan ng komunidad. Pagkatapos ng Sama-samang Paglalakad ng Komunidad, magkasamang kikilos ang Lungsod at komunidad upang isaayos ang mga problemang ipinahayag sa sama-samang paglalakad.

Mga Komunidad na kabilang sa Find It, Fix It sa taong 2016:

- Aurora Licton Urban Village – Martes, Mayo 31
- Belltown – Patapos na bahagi ng Hunyo
- Roxhill / Westwood – Hulyo
- Judkins Park – Agosto
- Georgetown – Setyembre
- Crown Hill / Whittier Heights – Oktubre
- Wallingford – Nobyembre



Noong 2015, ginawan ng maraming kahon ng bulaklak ng mga miyembro ng komunidad ng Lungsod ng Hillman ang isang abalang pampublikong bangketa gamit ang pondo mula sa Grant para sa Proyekto ng Komunidad ng Find It, Fix It.

Ano ang Grant para sa Proyekto ng Komunidad ng Find It, Fix It?

Kung isa kang miyembro ng isang komunidad na kabilang sa Find It, Fix It sa taong 2016, maaari kang mag-apply para sa mahigit sa \$5,000.00 upang magsagawa ng isang proyektong nagpapahusay sa kaligtasan o kapaligiran ng iyong komunidad.

Paano ako makakakuha ng aplikasyon para sa Mga Grant para sa Proyekto ng Komunidad?

Makakahanap ka ng mga online na aplikasyon para sa grant sa www.seattle.gov/finditfixit. Magbubukas ang aplikasyon para sa bawat komunidad sa loob ng humigit-kumulang isang linggo bago at isang linggo pagkatapos ng Sama-samang Paglalakad ng Komunidad para sa Find It, Fix It sa iyong komunidad. Kung gusto mo ng kopya sa papel na ipapadala sa iyong tahanan, makipag-ugnayan kay **Laura Jenkins** sa laura.jenkins@seattle.gov o 206.233.5166. Available ang mga aplikasyon sa English, Spanish, Somali, Cantonese, Vietnamese, Amharic, at Tagalog.

Paano ako makakapagbayad para sa Proyekto ng Komunidad ng Find It, Fix It?

Hindi maaaring paunang magbigay ang Lungsod ng Seattle ng pera para sa iyong proyekto. Nangangahulugan itong kakailanganin mong pondohan ang proyekto sa sarili mo, o makipagtulungan sa isang organisasyon na maaari kang tulungan sa pagbayad para sa mga paunang gastos. Pagkatapos mong bilhin ang lahat ng kailangan mo para sa iyong proyekto, babayaran ka ng Lungsod ng Seattle sa loob ng 2 linggo. Kung hindi ka makakapagbayad para sa pagsisimula ng iyong proyekto, huwag mag-alala. Makipag-ugnayan kay **Laura Jenkins** sa laura.jenkins@seattle.gov o 206.233.5166 upang malaman ang tungkol sa iba pang mga opsyon.

Maaari ba akong pumunta sa Sama-samang Paglalakad ng Komunidad para Find It, Fix It kahit

Oo! Hinihiyay ka rin naming imbitahan ang iyong mga kaibigan, pamilya at kapitbahay upang sumali sa Sama-samang Paglalakad ng Komunidad.

Kanino ako makikipag-ugnayan kung mayroon akong mga tanong o kung gusto ko ng higit pang

Kung mayroon kang mga karagdagang tanong, mangyaring makipag-ugnayan kay **Laura Jenkins** sa 206.233.5166. Kapag tumawag ka, pakisabi ang wikang ginagamit mo at magkakaroon ng interpreter sa linya sa loob ng ilang minuto.